OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: ____
Date: 3/9/21 Time: 1:40

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-30

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 04, H-2021 NG BARANGAY LICIADA NA NAG-UUBLIGA NAGBABAWAL SA ANUMANG URI NG SASAKYAN SA PAGPARADA SA MAGKABILANG PANIG NG KALSADA GAYUNDIN ANG PAGBABAWAL SA LAHAT NG MGA ESTABLISYEMENTO, TINDAHAN O ANUMANG URI NG PAGTITINDA, PAGLAGPAS O PAG-USLI NG ANUMANG URI NG PANINDA SA GILID NG KALSADA AT MGA *ILLEGAL STRUCTURE*."**

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Toni Flor H. De Guzman**

**SAPAGKA'T**, ang layunin ng Sangguniang Barangay ng Liciada na mapaluwag, mapabilis ang daloy ng trapiko at maiwasan ang mga nakakaabala sa kalsada;

**SAPAGKA'T**, ang Kautusang Barangay na ito ay tumatalima sa Memorandum Circular No.2020-145 na inilabas ng Department of Interior and Local Government noong Oktubre 2020;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Sekyon 17(b) ng Batas Republika 7160 o mas-kilala bilang Local Government Code of 1991 na nag-uutos sa mga namumuno na panatilihing walang nakakasagabal sa mga kalsadahin sa kanilang hurisdiksyon;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Seksyon 64 ng Pambayang Kautusang Blg. 24, S-2008, o ang Traffic Code ng Bustos kung saan ipinagbabawal ang anumang nakakahadlang sa maayos na daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. TONI FLOR H. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 04, H-2021 na nag-uubliga nagbabawal sa anumang uri ng sasakyan sa pagparada sa magkabilang panig ng kalsada gayundin ang pagbabawal sa lahat

ng mga establisyemento, tindahan o anumang uri ng pagtitinda, paglagpas o pag-usli ng anumang uri ng paninda sa gilid ng kalsada at mga *illegal structure.*

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-22 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ.Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim